9Marks

# Ano ang Gospel?

## Study Guide

Greg Gilbert
with Alex Duke

# Ano ang Gos•pel?

Study Guide

# Ano ang Gos•pel?

## Study Guide

Greg Gilbert

with Alex Duke

TREASURING CHRIST PH

BALIWAG CITY, PHILIPPINES

*Ano ang Gospel? Study Guide*
Copyright © 2025 by Treasuring Christ PH

Salin sa Filipino/Taglish ng *Sino si Jesus? Study Guide* na isinulat ni Greg Gilbert at Alex Duke. Published by Crossway, a publishing ministry of Good News Publishers,1300 Crescent Street, Wheaton, Illinois 60187, USA.

This edition is published by arrangement with 9Marks and Crossway.
All rights reserved.

Cover design: Dual Identity Design
Translation: Marie Manahan

Lahat ng Filipino Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa Magandang Balita Biblia. Copyright © 2012 by Philippine Bible Soceity. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

ISBN:
PDF (read only) 978-621-8238-97-8
PDF (downloadable) 978-621-8238-98-5

Published (2025) in the Philippines
by Treasuring Christ PH
a ministry of Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., Concepcion,
Baliwag City, Bulacan 3006, Philippines
tcphbooks@gmail.com

# Contents


| | | |
|---|---|---|
| Preface | | 7 |
| Panimula | | 9 |
| 1 | Nasaan Ba ang Gospel sa Bible? | 11 |
| 2 | Ang Diyos ang Banal na Manlilikha | 15 |
| 3 | Ang Makasalanang Tao | 19 |
| 4 | Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas | 21 |
| 5 | Pananampalataya at Pagsisisi | 25 |
| 6 | Ang Kaharian | 29 |
| 7 | Si Cristo Lang ang Focus | 33 |
| 8 | Ang Kapangyarihan ng Gospel | 35 |

# Preface

Noong ako ay nasa elementary, isa sa mga paborito kong isagot kapag naglalaro kami sa playground ay tungkol sa spelling: "Huwag kang magsasabi ng mga salitang hindi mo kayang i-spell!" Para sa mga batang hindi athletic tulad ko, ito na ang pinakamabuti na kaya naming gawin.

Ilang taon pagkatapos, hindi ko na ibinibigay ang utos na ito sa mga mapangmaliit na bullies, pero fan pa rin ako ng ethos nito. Dapat ay alam nating i-spell ang mga salitang sinasabi natin. Pero, para sa mga layunin ng librong ito, gusto kong i-update nang kaunti ang kasabihang ito: "Huwag kang magsasabi ng mga salitang hindi mo kayang ipaliwanag."

Sa ating panahon ng pagpapanariwa ng gospel-centrality, maaaring nakakagulat sa iyo na ang salitang "gospel" ay isa sa mga salitang iyon. Madalas natin itong sabihin pero hindi ako sigurado kung kaya natin itong ipaliwanag. Naririnig natin ito madalas, pero kung sa susunod na Linggo ay magtanong ka ng sampung miyembro ng church para ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito, baka makakuha ka ng sampung magkakaibang sagot.

Simula nang maisulat ito noong 2010, ang libro ni Greg Gilbert na *What is The Gospel?* ay nakatulong sa mga Kristiyano at hindi Kristiyano sa problemang ito. Tinulungan niya tayo na hanapin sa Salita ng Diyos ang kahulugan o definition natin ng napakahalagang salitang ito: gospel.

Sinulat namin ang study guide na ito para sa isang simpleng dahilan: para gabayan ka sa pagbabasa ng librong iyan. Simple lang ang structure at goals nito. Isa lamang itong simpleng pagtingin sa bawat chapter ng libro, para mapilitan kang magdahan-dahan at

pag-isipang mabuti ang iyong binabasa. Ang mga tanong ay hindi gaanong tungkol sa nilalaman kundi higit para sa pagbubulay-bulay; hindi naka-focus sa tamang sagot kundi sa tapat na pagmumuni-muni.

Para kanino ito? Sa tingin ko, ang kahit na sinong Kristiyano ay makikinabang sa libro ni Greg at sa katotohanan ng gospel. Ngunit sa tingin ko, ang study guide na ito ay maaaring higit na naaangkop para sa mga di-Kristiyano o mga bagong Kristiyano. Mahihimok nito ang mga di-Kristiyano na pag-isipan ang kanilang katayuan sa harap ng Diyos na siyang lumikha sa kanila; sasabihan sila na i-consider kung saan nila nilalagak ang kanilang tiwala, at kung bakit walang ibang makasasapat na sagot maliban sa gospel. Ang mga bagong Kristiyano ay tuturuan tungkol sa mga pangunahing bahagi na bumubuo ng kanilang pananampalataya; sa pamamagitan ng pananahan sa gospel, lalo nilang mapag-aalab ang kanilang lumalagong pag-ibig para kay Cristo.

Paano mo ito gagamitin? Para sa iyong sariling pag-aaral? One-on-one ba? Sa small groups? Kahit paano. Umaasa kami na gagamitin ito ng mga nakatatandang miyembro ng church para i-disciple ang mga bagong Kristiyano, at ang mga Kristiyano ay gamitin ito para ibahagi ang ebanghelyo sa mga di-Kristiyano. At higit pa riyan, sino ang nakakaalam? Ang Diyos ay napaparangalan habang itinatanim ng kanyang mga anak ang buto o binhi ng gospel.

Inulit na naman ang salita—gospel. Alam mo ba ang ibig sabihin nito? Umaasa ako na oo. Isa iyang mahalagang tanong. Pero may mas mahalaga pang tanong na dapat i-consider: Naniniwala ka ba rito?

Nawa ay magkaloob ang Diyos ng maraming mata na makakita, mga tainga na makarinig at mga pinalambot na puso para maniwala.

Alex Duke
September 2019

# Panimula

## *Ano ang Gospel?* Summary

Maraming definitions ang "gospel." Dahil may ilang mas magandang definitions kaysa sa iba, dapat tayong maging discerning. Ang isang malinaw at biblikal na pagkaunawa ng gospel ay magdudulot sa mga Kristiyano na magkaroon ng lubos na pagpupuri at kagalakan, ang lumago sa kumpyansa sa pagbabahagi ng kanilang pananampalataya, at siguraduhin na ipagtatanggol at pagtitibayin ng kanilang mga churches ang katotohanan. Katulad nito, ang tamang pagkaunawa sa gospel ay magtutulak sa mga di-Kristiyano na mag-isip at tumugon nang may kaalaman.

## Key Texts

Efeso 3:7–12

1. Sa iyong sariling mga salita, ano ang magandang balita ng Kristiyanismo?

2. Sa pages 15–18, ang author ay nagbigay ng ilang mga paliwanag tungkol sa “gospel.” Mayroon bang pamilyar sa iyo sa mga nabanggit? Anong pagsasalarawan ang malinaw para sa iyo, at ano ang hindi?

3. Paanong ang pag-iingat sa mga mabibigat na katotohanan ng gospel ay nakakaapekto sa pang-araw-araw nating buhay, sa ating patotoo, at sa ating kumpyansa? Bakit mahalaga ang pagiging malinaw nito? (Tingnan ang pages 19–21.)

4. Mayroon bang mga paraan na natutukso kang palabnawin ang mabibigat na katotohanan ng gospel sa iyong mga pakikipag-usap sa iba? Ipaliwanag.

5. Kung ikaw ay isang di-Kristiyano, ano ang masasabi mo tungkol sa sinabi ng author sa hulihan ng introduction: Kung meron mang mensahe sa mundo na kailangan mong pakinggan at hindi mo dapat isantabi, yun ay ang boses ng Diyos na nagsasabing, “Ito ang magandang balita! Ito ang tanging paraan para maligtas ka sa parusa ko sa mga makasalanan!” (p. 21)?

# 1

# Nasaan Ba ang Gospel sa Bible?

## *Ano ang Gospel?* Summary

Tayo ay mayroong mapagkakatiwalaang buod ng magandang balita ng Kristiyanismo hindi sa pamamagitan ng tradisyong Kristiyano o sa pamamagitan ng ating mga karanasan at magagaling na argumento. Sa halip, ito ay natagpuan natin sa pamamagitan ng ipinahayag na Salita ng Diyos, na nagsasabi ng apat na bagay tungkol sa atin:

1. Pinaghaharian tayo ng Diyos bilang Manlilikha at Hari.
2. Tayo ay nagkasala laban sa kanya, kaya tayo ay guilty o napatunayan ngang nagkasala.
3. Ang solusyon ay hindi matatagpuan sa pamamagitan ng ating gawa kundi sa sakripisyo ni Cristo.
4. Dapat tayong tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya.

## Key Texts

Awit 18:30
Gawa 2:14–41
Roma 1:16; 3:10–31
1 Corinto 15:1–5
2 Timoteo 3:16–17

1. Sa iyong pagnanais na maipaliwanag ang gospel, saan ka pumupunta para sa kasagutan? Bakit ang Bibliya ay isang mapagkakatiwalaang source para maipaliwanag ang gospel nang buong katotohanan kaysa sa tradisyon, pang-unawa ng tao, o karanasan ng tao? (Tingnan ang pages 27–28.)

2. Pumili ng isang talata o kuwento sa Bibliya na sa iyong palagay ay ang pinakamalinaw na paglalarawan ng gospel, ang mensahe ng Kristiyanismo. Bakit ito ang napili mo?

3. Dahil ang Diyos ay Manlilikha, ang lahat ng nilikha ay mananagot sa kanya; ang lahat ng nilikha (kasama na ang tao) ay nararapat na bigyan siya ng karangalan at kapurihan. Mayroon bang mga pagkakataon o pamamaraan na binalewala mo ang nararapat na awtoridad ng Diyos sa iyong buhay at hindi siya naparangalan o napapurihan tulad ng nararapat? Ipaliwanag. (Tingnan ang pages 30–31.)

4. Kailangan natin ang magandang balita ng gospel dahil mayroon ding hindi magandang balita ukol sa buhay rito sa mundo. Basahin muli ang Roma 3:10–20. Ano ang hindi magandang balitang ito—at nakita mo na ba ang problemang ito na nangyari sa iyong buhay o sa buhay ng iba? (Tingnan ang pages 31–32.)

5. Tingnan mo ang Roma 3:21. Bakit ang sinabi ni Pablo na—"Ngunit ngayon . . ."—ay napakahalaga at nakakagulat? Ano ang ginawa ni Cristo para masolusyunan itong sitwasyon na tila wala nang solusyon? (Tingnan ang pages 33–34.)

6. Ngayon tingnan mo ang Roma 3:21–31. Inulit ni Pablo ang salitang "pananampalataya" nang walong beses sa labing-isang talatang ito. Bakit ito mahalaga? (Tingnan ang page 34.)

7. Ibinuod ng author ang gospel sa apat na salita: Diyos. Tao. Cristo. Pagtugon" (p. 35). Gamit ang apat na salitang ito, maaari mo bang ipaliwanag ang gospel nang hindi lalagpas sa animnapung (60) segundo? (Tingnan ang page 35.)

2

# Ang Diyos ang Banal na Manlilikha

*Ano ang Gospel?* Summary

Ang Diyos ang lumikha ng lahat. Pero may sinasabi pa ang Bibliya: siya ay isang matuwid at banal na Manlilikha na hindi pinalalampas ang kasalanan. Kahit na ito ay tila isang hindi magandang balita para sa makasalanang sangkatauhan—at sa isang banda ay ganoon na nga—ang commitment ng Diyos sa pagharap o pag-deal sa kasalanan ay magandang balita rin, dahil pinatutunayan nito na siya'y mapagkakatiwalaan at ipinapakita rin nito ang kanyang kabanalan.

## Key Texts

Genesis 1
Exodo 34:6–7
Awit 19
Habakkuk 1:13

1. Anong mga pang-uri o paglalarawan ang pumapasok sa iyong isipan kapag iniisip mo ang Diyos? (Tingnan ang pages 45–46.)

2. Ano ang ilan sa mga makabuluhang implications ng katotohanan na ang Diyos ang Manlilikha ng lahat? (Tingnan ang pages 49–51.)

3. Sinulat ng author, ". . . ito ang pangunahing katotohanan: nilikha tayo ng Diyos. At dahil dun, siya ang nagmamay-ari sa atin" (p. 51). Lumalabis ba ang author sa pahayag niyang ito? Bakit oo o bakit hindi?

4. Malinaw na itinuturo ng Exodus 34:6–7 na hindi hinahayaan ng Diyos na hindi maparusahan ang mga maysala. Angkop ba ang katotohanang ito sa iyong pagtingin o pagkakilala sa Diyos na inilarawan din bilang mapagmahal at mahahabagin? (Tingnan ang pages 51–52.)

5. Ang Diyos ay banal at matuwid. Siya rin ay mapagmahal at mahahabagin. Hindi magkasalungat o magkalaban ang mga katangiang ito. Pero paano ito nangyayari? Ano ang tugon ng Diyos sa kasalanan? (Tingnan ang pages 52–53). Ano ang kanyang relasyon sa mga makasalanan?

6. Bakit ang paglalarawan na "ang Diyos ay parang tamad na janitor" (p. 54) ay maling-mali at hindi kanais-nais?

7. Kung ang Diyos ay determinadong hindi palampasin ang kasalanan (Ex. 34:6–7), ibig sabihin ay hindi niya palalampasin ang mga kasalanang nagawa natin. Ito ay tinawag ng author na “bad news” (p. 55), na siyang tatalakayin natin sa susunod na chapter. Pero bago iyan, ano ang tingin mo sa katotohanang ito? Sa iyong pagbubulay–bulay, ano ang *naramdaman* mo tungkol dito?

3

# Ang Makasalanang Tao

## *Ano ang Gospel?* Summary

Ang magkasala ay higit pa sa simpleng “pagmimintis sa target.” Ang kahulugan nito ay ang magrebelde laban sa Diyos na ating Manlilikhang Hari, at sa paggawa nito ay naputol o nasira ang relasyon natin sa kanya. Dahil ang Diyos ay mabuti at makatarungan, tayo ay kanyang papanagutin sa kasalanang ito. Ito ay talaga namang bad news.

## Key Texts

Genesis 3
Isaias 59:2
Roma 3:10, 19, 23; 5:12–21
Efeso 2:1–5
Pahayag 6:16–17

1. Ano ang kasalanan? (Tingnan ang page 58.)

2. Ano ang ilan sa consequences o resulta ng pagkakasala nina Adan at Eba? (Tingnan ang pages 61–62.)

3. Angkop ba sa iyong naging karanasan sa ibang tao na ang "tao ay talaga namang makasalanan at suwail" (p. 63)? Bakit oo o bakit hindi? Paano naman pagdating sa iyong sariling isipan at puso?

4. Bakit ang isang malabnaw na doktrina ng kasalanan ay pinaliliit ang ating appreciation o pagpapahalaga sa ginawa ni Jesu-Cristo sa krus? (Tingnan ang page 63.)

5. Ayon sa mga kakilala mo na di-Kristiyano, ano ang pangunahing problema ng tao? Ayon naman sa Bibliya, ano ang pangunahing problema ng tao? (Tingnan ang page 63.)

6. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng "paggawa ng mga kasalanan"/ "guilty of sins" at pagiging "makasalanan"/"guilty of *sin*"? (Tingnan ang pages 67–68.)

7. Bakit mo gugustuhing gawing katanggap-tanggap o hindi ganoon ka-offensive ang tungkol sa impiyerno kapag ibi-nabahagi mo ang gospel? Sa anong mga paraan ka sumubok (o natukso) na gawin ito?

4

# Jesu-Cristo, ang Tagapagligtas

## *Ano ang Gospel?* Summary

Salamat na lamang at hindi nagtatapos ang kuwento sa masamang balita ng paghatol ng Diyos sa mga makasalanan. Bakit? Dahil ito sa magandang balita ng perpektong buhay ni Jesu-Cristo, ang kamatayan na nagbayad ng kasalanan, at ang matagumpay na muling pagkabuhay. Si Jesus lamang ang nag-iisang may kakayahang iligtas tayo—at iyon nga ang ginawa niya.

## Key Texts

Genesis 3:15
Isaias 53:4–5
Marcos 10:45
Juan 1:29
1 Corinto 15:14, 17
2 Corinto 5:21
Galacia 3:13–14
Hebreo 4:15
1 Pedro 2:24; 3:18

1. Paano pinatutunayan ng Genesis 3:15 na "ang Bible ay ang kuwento ng matinding paglaban ng Diyos sa kasalanan" (p. 77)?

2. Bakit mahalaga na si Jesus ay parehong ganap na Diyos at ganap na tao? (Tingnan ang pages 78–79.)

3. Sa paanong paraan si Jesus ay isang hindi inaasahang tagapagligtas? (Tingnan ang page 82.)

4. Ipaliwanag ang biblikal na ideya ng penal substitution sa chart sa ibaba sa pagkakaugnay nito sa Passover at kay Jesus mismo. (Tingnan ang pages 84–88.)

| Passover | Jesus |
| --- | --- |
| | |

5. Doon sa krus, ibinuhos ng Diyos Ama ang kanyang poot laban sa ating kasalanan sa kanyang Anak. May ilan na tinawag itong "divine child abuse." Bakit talaga namang mali ang ganitong akusasyon? (Tingnan ang pages 89–90.)

6. Bakit ang muling pagkabuhay ni Jesus ay ang kinakailangang pagtatapos sa magandang balita? (Tingnan ang pages 90–91.) Paano pinatutunayan ng Genesis 3:15 na "ang Bible ay ang kuwento ng matinding paglaban ng Diyos sa kasalanan" (p. 77)?

5

# Pananampalataya at Pagsisisi

## *Ano ang Gospel?* Summary

Ang mga natalakay natin sa ngayon ay mga katotohanan ng kasaysayan na lahat ay tinupad o ginawa ng Diyos mismo. Ang mga ito ay totoo, at nangyari talaga, kahit na ito ay paniwalaan ng tao o hindi. Gayunpaman, ang mga katotohanang ito—ang mga gawang ito ng Diyos—ay nangangailangan ng pagtugon mula sa atin. At ang pagtugong ito ay ang taos-pusong pagsisisi sa kasalanan at pagtitiwala sa kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa niya.

## Key Texts

Marcos 1:15
Gawa 2:38; 3:19; 20:21; 26:18–20
Galacia 2:16
Efeso 2:1–5
1 Juan 2:1

1. Kung ang pananampalataya ay hindi lamang paniniwala sa isang bagay na hindi mo kayang patunayan, ano ito? (Tingnan ang pages 98–99.)

2. Para saan tayo nananalig kay Jesus? (Tingnan ang pages 99–101.)

3. Sa ating paghahangad na maunawaan ang kaligtasan, ang isang mahalagang Christian doctrine ay ang pakikipag-isa kay Cristo. Ang ibig sabihin nito ay lahat ng tinanggap ni Jesus na nararapat sa kanya ay tinanggap ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng biyaya. Ano ang role na ginagampanan ng pananampalataya at pagsisisi sa pakikipag-isa ng isang Kristiyano kay Cristo? (Tingnan ang pages 101–103.)

4. Ipaliwanag ang pambihirang kapahayagan ng Kristiyanismo na tayo ay iniligtas sa pamamagitan *lamang* ng pananampalataya. (Tingnan ang pages 103–105.)

5. Ang pagsisisi at pananampalataya ay konektado o magkaugnay; hindi maaari na meron ka ng isa at wala ang isa. Pero kung tayo ay iniligtas sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, bakit kailangan pa ang pagsisisi? (Tingnan ang pages 106–107.)

6. Bakit imposible na sabihing si Jesus ang iyong Tagapagligtas pero hindi mo siya tinatanggap bilang Panginoon? (Tingnan ang page 107.)

7. Hindi ibig sabihin ng pagsisisi na ang mga Kristiyano ay magiging perpekto, at hindi na magkakasala. So, sa praktikal na usapan, ano ang itsura ng pagsisisi sa kasalanan? (Tingnan ang pages 108–109.)

8. Ang mga Kristiyano ay mamumunga ng espirituwal na bunga. Ngunit paano tayo makapag-iingat na hindi mapagkamalan ang bungang iyon—tulad ng mabubuting gawa—na siyang dahilan ng ating kaligtasan? Paano natin mapapanatili ang pagdepende kay Cristo? (Tingnan ang pages 110–112.)

9. Kung binabasa mo ang librong ito, at hindi ka isang Kristiyano, bakit hindi mo pa isinusuko ang iyong sarili kay Jesus at ilagak ang pagtitiwala sa kanya? Naniniwala ka pa rin bang tama ang mga dahilan o paniniwala mo? Kung binabasa mo ang librong ito at ikaw ay isang Kristiyano, ang iyo bang pagpapahayag ng pananampalataya at pagsisisi ay makabaluhan pa rin sa iyo ngayon katulad noong una kang nanampalataya?

# 6

# Ang Kaharian

### *Ano ang Gospel?* Summary

Ang "kaharian ng Diyos" ang isa mga biblical ideas na madalas ay hindi nauunawaan. Narito ang mga dapat malaman ng mga Kristiyano tungkol dito:

- Sinimulan ito ni Jesus bilang patunay ng kanyang sariling paghahari.
- Ito'y narito na, ngunit hindi pa ganap.
- Hindi na magtatagal ay tatapusin ng Diyos, at tanging ng Diyos lamang, ang kanyang sinimulan.
- Ang ating pagpasok sa kaharian ay nakadepende sa ating pagtugon sa Hari.
- Ang pagpasok sa kaharian ay naipapakita rito sa mundo sa pamamagitan ng ating commitment sa church.

### Key Texts

Mateo 3:2; 13:41–43
Efeso 3:10–11
Pahayag 12:10

1. Kapag ginamit ng Bible ang phrase na "kaharian ng Diyos," ano ang tinutukoy nito? (Tingnan ang pages 116–117.)

2. Ang kaharian ba ng Diyos ay nakaraan na, nasa kasalukuyan o sa hinaharap? (Tingnan ang pages 117–121.)

3. Sa paanong paraan na ang kaharian ng Diyos ay "narito na" (Tingnan ang pages 117–118.)

4. Kung ang kahahantungan ng isang Kristiyano sa walang hanggan ay hindi lang "walang katapusang church service ng mga kaluluwa" (p. 122), ano ito? (Tingnan ang pages 122–123.)

5. Bakit mahalagang tandaan na tanging ang Diyos ang makagagawang gawing ganap ang kanyang kaharian? (Tingnan ang pages 124–125.)

6. Saan nakasalalay ang pagpasok natin sa kaharian ng Diyos? (Tingnan ang page 125.)

7. Isang Haring Tagapagligtas, isang Lingkod na naghihirap, at isang banal na Anak ng Tao—umasa ang mga Judio sa Lumang Tipan na ang tatlong ito ay darating, pero hindi nila inasahan na ang tatlong pagkakakilanlang ito ay matatagpuan sa iisang persona lamang. Saan sa New Testament makikitang inangkin ni Jesus ang mga titulong ito para sa kanyang sarili, at bakit mahalaga ang bawat isang ito? (Tingnan ang page 126–127.) Kapag ginamit ng Bible ang phrase na "kaharian ng Diyos," ano ang tinutukoy nito? (Tingnan ang pages 116–117.)

8. Paanong ang kaharian ng Diyos ay nagiging malinaw sa relasyon ng Kristiyano sa isang local church? (Tingnan ang pages 131–132.)

# 7

# Si Cristo Lang ang Focus

## *Ano ang Gospel?* Summary

Walang kahulugan ang gospel nang wala ang krus ni Cristo; walang kaligtasan nang walang pagsisisi at pananampalataya. Sa maraming tao, ito ay ganap na pagiging hangal at makitid, kaya ang mga tao ay regular na sumusubok  na i-redefine ang gospel sa pamamagitan ng pagsentro nito sa iba maliban sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Ngunit ang anumang "gospel" na hindi nagsasabi sa mga makasalanan kung paano mamuhay nang matuwid sa harap ng isang banal na Diyos ay hindi gospel.

## Key Texts

1 Corinto 1:23, 25; 2:2; 15:3
Galacia 6:14

1. Pagkatapos ng iyong natutunan sa *Ano ang Gospel?*, mayroon bang anumang paraan na ikaw ay na-pressure na i-redefine ang gospel o patingkarin ang ilang aspeto habang ginagawang maliit ang iba? (Tingnan ang pages 137–138.)

2. Bakit sinasabi ng ilan na napakaliit lang ng biblical gospel? At bakit mali o hindi totoo ang pahayag na iyan? (Tingnan ang page 139.)

3. Bakit ang gospel na "Jesus is Lord" ay napakaliit? (Tingnan ang pages 139–141.)

4. Totoo na ang "Diyos ay nagliligtas ng tao at binabago ang mundo" (p. 143). Ngunit ang mensahe bang ito ay katulad ng sa gospel?

5. Ano ang dapat nating isipin tungkol sa ating tungkulin o bahagi sa gawain ng Diyos na "pagbabago ng mundo" nang permanente? Ano ang dapat na expectations natin tungkol dito? (Tingnan ang pages 144–145.)

6. Bakit magandang balita na ang gospel ay isa lamang kahangalan para sa mundo? (Tingnan ang page 148.)

7. Paanong ang pagyakap sa "kahangalan ng Diyos" (1 Cor. 1:25) ay nagbibigay sa atin ng kumpyansa sa gospel? (Tingnan ang page 149.)

8

# Ang Kapangyarihan ng Gospel

## *Ano ang Gospel?* Summary

Habang narito pa tayo sa mundo, ang mga Kristiyano ay nananatili sa pakikipaglaban sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit natin nakakalimutan, o kung minsan, ay binabalewala, ang kapangyarihan at kagandahan ng gospel. Ano ang puwede nating gawin para i-recalibrate ang ating mga puso at isipan upang hindi mapunta patungo sa espirituwal na katamaran? Paano natin ise-sentro ang ating mga buhay sa magandang balitang ito upang ito ang magpatakbo sa ating pang-araw-araw na pamumuhay?

## Key Texts

Mateo 28:18–20
Lucas 24:46–48
Roma 8:31–32; 10:14
Pahayag 7:9–10

1. Kung ikaw ay isang di-Kristiyano at natapos mo ang librong ito, paano nahamon ang iyong pagtingin sa Kristiyanismo? Handa ka na bang magtiwala kay Jesus para sa iyong kalig-tasan? (Tingnan ang page 155.)

2. Kung ikaw ay isang Kristiyano, natulungan ka ba ng librong ito na tandaan na ang iyong seguridad ay base sa ginawa ni Cristo at hindi base sa ginawa mo? Ipaliwanag. Pagkatapos, pag-isipan mo ito. Manahan ka rito. At pagkatapos ay mamahinga at magalak. (Tingnan ang pages 156–157).

3. Paano ipinababatid at mino-motivate ng gospel ang ating tungkulin na mahalin ang mga taong nakay Cristo? Sa praktikal na usapan, paano ito maikukumpara sa iyong kasalukuyang relasyon o ugnayan sa isang local church? (Tingnan ang pages 157–158.)

4. Inaasahan ng Diyos ang kanyang mga anak na ibahagi ang gospel sa iba. Paano iyan magiging isang spiritual discipline para sa iyo? (Tingnan ang pages 160–161.)

5. Sa Pahayag 7:9–10, binigyan tayo ni Juan ng larawan ng katapusan ng mundo. Alam natin kung saan ito lahat patungo. Sa paanong paraan ito nagbibigay ng pangamba sa iyo? Sa paanong paraan ito nakaka-encourage sa iyo? (Tingnan ang pages 162–163.)

IX 9Marks

Building Healthy Churches

## IS YOUR CHURCH HEALTHY?

*9Marks exists to equip church leaders with a biblical vision and practical resources for displaying God's glory to the nations through healthy churches.*

To that end, we want to help churches grow in nine marks of health that are often overlooked:

1. Expositional Preaching
2. Gospel Doctrine
3. A Biblical Understanding of Conversion and Evangelism
4. Biblical Church Membership
5. Biblical Church Discipline
6. A Biblical Concern for Discipleship and Growth
7. Biblical Church Leadership
8. A Biblical Understanding of the Practice of Prayer
9. A Biblical Understanding and Practice of Missions

At 9Marks, we write articles, books, book reviews, and an online journal. We host conferences, record interviews and produce other resources to equip churches to display God's glory.

Visit our website to find content in **50+ languages** and sign up to receive our free online journal. See a complete list of our other language websites here:

**9marks.org/international**

**9marks.org**

TREASURING CHRIST PH

Kung nakatulong sa ‘yo ang librong ito,  gusto naming marinig kung paano ginamit ng Diyos ang mga nabasa mo para matulungan ka sa panahong ito. Pwede mo kaming i-email sa **tcphbooks@gmail.com**.

You can also connect with us through these channels:

- Facebook: facebook.com/treasuringchrist.ph
- Instagram: @treasuringchristphil
- YouTube: @TreasuringChristPH

Para sa iba pang Taglish gospel-centered resources tulad ng ebooks, audiobooks, sermons, study guides, at conference resources, please visit our website at **treasuringchristph.org.**

Makikita rin ang iba pa naming books sa aming stores:

**Shopee**:
shopee.ph/treasuringchristph

**Lazada**:
lazada.com.ph/shop/arqxc74y/